# Pitong Tula

BUBOY AGUAY

## Pahimakas ng Liwanag

Pumanaw na sa dulo ng mga uhay
ang huling hibla ng kanluran;
nakamasid ang mga maya
sa pananakop, pananakot ng dilim;
hinahalukay ang balahibong nais
iwaksi, iwisik ang kapit ng maghapon;
kumikislot ang mga dalag sa putik
sa unang haplos ng pagbibihis
ng ligamgam at hahampasin
ng buntot ang panlalamig
ng paligid. Ilang sandali pa,
mamimintana na ang mga bituin
sa mga lusak kung saan umugat
ang binti ng maykapal ng tumana
na ngayon ay nakikibaka sa mga pangitain.

## Homo Erectus (Hubo sa Recto)

Wala na sina Mark, Edward at Mike.
Napabalitang nasaksak sa Bangkusay
ang isa sa kanila; kumakayod ng pedicab
naman ang isa sa Moriones at isa sa kanila
ay kargador sa Divisoria. Dahil ang kuwento'y

nagpalipat-lipat sa bibig ng mga bakla
at matrona, di na mahalaga kung sino
sa kanila ang inaagnas na o humihingal
sa pasada o kayod-kalabaw sa palengke;
ang mahalaga, wala na sila sa Dilson Theatre.
Hindi mo na kilala ang bagitong lumapit
sa iyo kanina at nag-alok ng kapirasong karne,
isang kibit ng balikat at iling na di matinag
ang naging ganti mo sa kalabit.
Papalayo ka na sa Avenida at salat mo
ang hita habang nakadukot ang iyong kamay
sa butas na bulsa ng iyong pantalon,
bumabaon ang kuko mo sa iyong hita;
pilit na hinahanap, inaapuhap kung may
natitira pang pakiramdam ang Recto.

## Sando

Kapag sumisilong ako
sa aking sando
bilang unang tangka
ng pagbibihis
para akong nag-aaral
lumangoy. Kumakawag
ang kamay ko sa itaas,
ang ulo'y natatalukbungan,
sumisinghap sa pagitan
ng sedang damit;
naliligaw ako roon
sa aking kabataan
at lumilitaw doon ang mga bakas
ng tren-trenan; naririnig ko roon

ang mga putok ng baril-barilan.
Madalas tila iyon
ang kubling lunan
kung saan naitatago ko
ang aking sarili sa lente ng mundo.
Sandali lamang ako roon,
pagdaka'y lilitaw ang ulo ko
sa ibabaw ng damit
didikit sa katawan ko ang seda;
para akong nakagapos,
ang tanging naigagalaw ko
ay ang aking kaluluwa.

## Sa Banda Recto

Bago iniluwa rito ng maligoy na tren
si Trina, bagong ligo, luwa ang suso
bumuntong-hininga muna ang Recto.

## Santo Intierro Lámang ang Tulog

Sa Avenida, magkasabay
na nagkukurus
ang daangbakal at kalsada;
ang paroo't paritong
sasakyan ay nagmistulang libing;
ang mga tao'y isang kalbaryo
lamang ang tinutungo,
tanaw na tanaw sila
ng Itim na Nazareno.

## Tatlong Poste Lámang ang Sukat ng Habambuhay

Isang kulintas lamang
ang naibenta ni Nene
buong maghapon;
dalawa na ang kulay
ng kanyang balat;
buong araw
tatlong halimuyak siya;
habambuhay
apat na buwaya
ang hayok na hayok sa daan.

## Ngayong Gabi

Sana magkunwaring karagatan ang higaan
at ang mga unan ay maging mga sagwan
tutulungan tayong gumaod sa higit na malalim pang kawalan

Hahayaan nating magmistulang dambuhalang mga alon
ang kobre kama't kumot at hampasin tayo ng tangrib
tulad ng ganti sa mga lapastangan at taksil.

Ngayong gabi sasambahin natin ang dilim ng pagtatampisaw
hanggang sa malunod tayo at lisanan ng lakas at hininga
habang niyayakap ang karimlan
kung saan lamang nagkakasilbi ang napakakikinang na bituin.

Hayaan mong tipunin ko ang mga perlas sa bubon ng iyong pusod
na gantimpala ng paninisid sa kaluluwa mong humulagpos
tulad ng kung paanong hinayaan kitang baklasin
ang mga kaliskis kong itinadhana na ng bigong pangingisda.

Oo, hubad ako sa iyo ngayong gabi
at noon pang ang higaan ay nangarap ng katabi.